Grupo ng Korporasyon ng Sumitomo
Polisiya ng Pagsunod

Sumitomo Corporation Group's Corporate Mission Statement

Corporate Vision

We aim to be a global organization that constantly stays a step ahead in dealing with change, creates new value, and contributes broadly to society.

Management Principles

[Corporate Mission]	To achieve prosperity and realize dreams through sound business activities
[Management Style]	To place prime importance on integrity and sound management with utmost respect for the individual
[Corporate Culture]	To foster a corporate culture full of vitality and conducive to innovation

Activity Guidelines

- To act with honesty and sincerity on the basis of Sumitomo's business philosophy and in keeping with the Management Principles
- To comply with laws and regulations while maintaining the highest ethical standards
- To set high value on transparency and openness
- To attach great importance to protecting the global environment
- To contribute to society as a good corporate citizen
- To achieve teamwork and integrated corporate strength through active communication
- To set clear objectives and achieve them with enthusiasm

Talaan ng Nilalaman

Unang Bahagi: Mensahe mula sa Presidente at CEO ng Korporasyon ng Sumitomo pahina 5

- Mga dapat gawin upang maabot ang ating mga pangarap
- Ang hindi natin kayang baguhin
- Ang pamamaraan ng Grupo ng Korporasyon ng Sumitomo upang matamo ang pagsunod

---

Ikalawang Bahagi: Tungkol sa Polisiya ng Pagsunod ng Grupo pahina 8

- Sino ang nabibilang sa Polisiya ng Pagsunod ng Grupo (o ang "polisiya")?
- Paanong nakikisabay ang Polisiya ng Pagsunod ng Grupo sa mga batas o panuntunan ng kompanya?
- Ano-ano ang mga responsibilidad ng empleyado?
- Ano-ano ang mga responsibilidad ng tagapangasiwa?
- Paano ko ire-report ang isyu sa 'di pagsunod?

Ikatlong Bahagi: Ang Mga Tuntunin sa Pagsunod ng Grupo pahina 12

①Patas na Kompetisyon
②Mga Regulasyon sa Internasyonal na Kalakalan kabilang ang Kontrol sa Seguridad ng Kalakal
③Mga Batas na may Kaugnayan sa iyong Negosyo
④Kaangkupan ng mga Aklat at Tala ng Kompanya, Pagsunod sa Pagbubuwis
⑤Kontra-suhol at Kontra-korapsyon
⑥Mga Karapatan sa Intelektwal na Pag-aari
⑦Pamamahala ng Impormasyon
⑧Pagpoprotekta sa Kapaligiran
⑨Panloob na Pangangalakal
⑩Paggalang sa Karapatang Pantao at Pag-iwas sa Diskriminasyon at Panliligalig
⑪Mga Tunggalian ng Interes

Ikaapat na Bahagi: Tungkol sa Sistema ng "SC Global Speak-Up" pahina 19

- Ano ang Sistema ng "SC Global Speak-Up"?
- Sino ang maaaring gumamit ng "SC Global Speak-Up"?

- Ano-anong uri ng isyu sa pagsunod ang maaaring i-report sa pamamagitan ng “SC Global Speak-Up” ?
- Paano nakikipag-ugnayan ang SC Global Speak-Up sa compliance hotlines ng alinmang pangkasalukuyang panloob na sistema ng pagsisiwalat?

Unang Bahagi: Mensahe mula sa Presidente at CEO ng Sumitomo Corporation

Minamahal na mga direktor, opisyales, at empleyado ng Grupo ng mga Kompanya ng Korporasyong Sumitomo,

Sa araw ng aking pagkatalaga bilang presidente at CEO ng Korporasyon ng Sumitomo, gumawa ako ng mensahe para sa 60,000 na mga kapwa kasamahan, kabilang ang mga direktor, opisyales, at mga empleyado sa alinmang Grupo ng mga Kompanya ng Korporasyong Sumitomo sa buong mundo, tungkol sa mga pangarap at naisin na determinado akong makakamit natin nang sama-sama.

- Nagtatrabaho nang tulong-tulong upang mapagyaman hindi lamang ang buhay ng mga empleyado, kundi maging mas malawak na lipunan.
- Sinisikap na gawing mas kapanapanabik ang ating lipunan sa pamamagitan ng negosyo - ang lipunan kung saan ang Fourth Industrial Revolution ay magdudulot ng malakihang pagbabago

Upang matamo ang mga pangarap at naising ito, umaasa akong ang Grupo ng Korporasyon ng Sumitomo ay mananatiling isang grupo ng mga taong patuloy na magbibigay ng kanilang buong makakaya nang may kasimplehan at katatagan.

Mga dapat nating gawin upang maabot ang ating mga pangarap

Nabubuhay tayo sa panahon ng malakihang pagbabago, iyon ay ang Fourth Industrial Revolution Habang tayo ay nagsisikap na makabuo ng bagong halaga at baguhin ang ating mga sarili na kinakailangan upang patuloy na makasunod sa nagbabagong panahon, dapat nating alalahanin ang Misyon ng ating Korporasyon na nakaukol sa Pilosopiyang Pangnegosyo ng Sumitomo na siyang magpapatuloy bilang ating pundasyon.

Ang Grupo ng Korporasyon ng Sumitomo ay patuloy na yumayabong sa nagbabagong panahon, ngunit ang mga pagbabagong ating mararanasan ay maaasahang mas mabilis at mas higit kaysa noong nakaraan. Habang ang daigdig at tradisyunal na pagpapahalaga ay unti-unting nagbabago, ibabase natin ang ating mga desisyon sa mga pagpapahalagang nakatalaga sa ating Misyon ng Korporasyon, at sa pamamagitan ng makabuluhang gawain sa negosyo, pagsisikapang matamo ang katatagan at patuloy na lumalagong may pagkakaisa sa lipunan.

Ang hindi natin mababago

Sa buong kasaysayan ng Sumitomo na binabalangkas ng mahigit sa 400 taon, makikita natin ang patuloy na pagsisikap ng mga nauna sa atin upang mabuo ang Misyon ng ating Korporasyon.
Ang walang patid na pagsisikap na ito ay isinalin sa atin sa anyo ng “信用(*Shin-You*)” - na ang ibig

sabihin ay “integridad” at “pagtitiwala” na hindi maaaring palitan ang kahalagahan ng ating Grupo. Sa nagbabagong panahon, ang mga kustomer at katuwang sa ating negosyo ay tatanggap ng mas malalaking hamon na may higit na walang kasiguraduhan. Ang maaari nating asahan sa ganitong uri ng sitwasyon ay ang pagtitiwala na tayo ay isang maaasahang katuwang na may integridad. Kapag nawala ang kanilang tiwala, mawawala rin ang ating negosyo. Sa kawalan ng “信用（*Shin-You*)”, o “integridad” at “pagtitiwala”, ang Grupo ng Korporasyon ng Sumitomo ay hindi mananatiling buhay.

Ang Pamamaraan ng Grupo ng Korporasyon ng Sumitomo upang Matamo ang Pagsunod

Kapag ang bawat isa sa atin ay gumagawa ng ating pang-araw-araw na trabaho na alinsunod sa ating Alituntunin ng Gawain na nagsasaad na, “Upang makasunod sa mga batas at regulasyon habang pinapanatili ang pinakamataas na etikal na pamantayan”, pinangangalagaan natin ang tiwala na ipinagkaloob sa atin sa loob ng mahabang panahon, at ang pang-araw-araw na pagsisikap ay siyang tiyak na pinagmumulan ng ating programa sa pagsunod.

Dapat nating ipagpatuloy ang pagsunod sa mga tuntunin na “ **Pagsunod bilang Pangunahing Prayoridad** ”, na ang ibig sabihin ay hindi tayo dapat nakikibahagi sa mga kilos na kaduda-duda sa pananaw ng pagsunod, at “ **Agarang Pagre-report** ”, na ang ibig sabihin ay kung sa sitwasyong may isyu ng ‘di pagsunod, ang mga empleyado ay kailangang mag-report nang walang anumang pagkaantala sa mga tagapamahala o sa mga kaugnay na tao o kagawaran.

May isang bagay na nais kong maintindihan ng lahat ng kasama kaugnay ng tuntunin sa “Pagsunod bilang Pangunahing Prayoridad”. Kapag tayo ay nagnenegosyo, may mga sitwasyon na kung saan ang kinikita ng kompanya at pagsunod ay nagtutungalian. Sa mga ganitong pagkakataon, hindi dapat tayo lumabag sa pagsunod sa pagbibigay prayoridad sa paghabol sa kita. Ang Grupo ng Korporasyon ng Sumitomo ay binubuo ng mga kompanya na matatagpuan sa buong mundo at kasapi ng iba’t ibang industriya. Samantala, ang siyang karaniwan sa ating lahat ay ang ating negosyo ay nakabase sa tiwala ng lipunan tungo sa Grupo ng Korporasyon ng Sumitomo, at dapat nating isagawa ang negosyo nang may integridad upang maabot ang mga inaasahan ng lipunan. Ang “Pagsunod bilang Pangunahing Prayoridad” na tuntunin ay mahalagang bahagi ng Misyon ng ating Korporasyon, at ito ay isang palahudyatan ng pagkilos para sa bawat isa at sa lahat ng nagtatrabaho sa Grupo ng mga Kompanya ng Korporasyong Sumitomo.

Ang tuntuning “Agarang Pagre-report” ay hindi nangangahulugan na ang simpleng pagre-report ng isyu sa ‘di pagsunod ay sapat na; sa halip, ang layunin ng tuntuning ito ay siguraduhing ang mga isyu sa ‘di pagsunod ay agarang nai-report sa tagapagpangasiwa, na siyang magbibigay-daan sa pagtitipon ng kadalubsahaan ng mga kaugnay na kagawaran at agarang malutas ang sitwasyon sa pinakamahusay na pamamaraan. Mahalagang ang mga paglabag o mga sitwasyong nagpapahiwatig ng ‘di pagsunod ay mai-report nang agaran.

Unang Bahagi: Mensahe mula sa Presidente at CEO ng Sumitomo Corporation

Ang pagsunod ay pangunahing pangangailangan sa anumang aktibidad ng negosyo upang maging karapatdapat sa tiwala ng lipunan. Upang mapanatili ang naturang tiwala, dapat itaas ang antas ng ating pakikiramdam tungo sa pagbabago ng pagpapahalaga ng lipunan at mapanatili ang pinakamataas na etikal na pamantayan. Kung may pagdududa o nahihirapan, ang empleyado ay dapat na mag-report o sumangguni sa kanyang mga tagapamahala nang walang pag-aalinlangan, at ang mga tagapamahala ay dapat na mag-ukol ng buong pansin sa kanyang mga kasapi. Gumamit ng pagkakaisa at komunikasyon upang maharap ang mahihirap na sitwasyon.

Ang diwa ng pagsunod ng Grupo ng Korporasyon ng Sumitomo ay isang bagay na naisalin nang walang patid, at siyang nararapat na maisalin sa mga susunod pang henerasyon. Ang pagsunod ay hindi isang bagay na ipinilit sa atin. Ang pagsunod ay isang bagay na ang bawat isa sa ating lahat ay malugod na isinasabuhay sa araw-araw nang may pagkukusa, habang tayo ay nakikipag-ugnayan sa ating mga katuwang sa negosyo, mga kasamahan, at sa lipunan nang may paggalang sa mga panuntunan at etika at nagpapanatili ng integridad.

Itong "Polisiya sa Pagsunod ng Grupo ng Korporasyon ng Sumitomo" ay isang gabay para sa lahat ng nagtatrabaho sa Grupo ng mga Kompanya sa Korporasyong Sumitomo. Ako ay nakikiusap sa aking mga kasamahan na itanim sa isipan ang polisiyang ito habang gumaganap sa kanilang pang-araw-araw na gawain, upang mapagtanto natin ang mga layuning nakapaloob sa Misyon ng Korporasyon at makamit ang ating mga pangarap nang sama-sama.

Masayuki Hyodo
Kinatawan ng Direktor
Presidente at Punong Opisyal na Tagapagpaganap
Korporasyon ng Sumitomo
Marso 2019

Tungkol sa Polisiya ng Pagsunod ng Grupo

◆ Sino-sino ang nasasaklaw nitong Polisiya ng Pagsunod ng Grupo (o ang 'Polisiya')?

Ang Polisiya ng Pagsunod ng Grupo ay naitalaga upang ilarawan ang pamamaraan ng pagsunod ng Grupo ng Korporasyon ng Sumitomo at magbigyang gabay ang lahat ng taong nagtatrabaho sa alinmang opisina ng Grupo ng Korporasyon ng Sumitomo sa buong mundo. Nasaan man tayo, itong polisiyang ito ang magsisilbing gabay upang maiayon ang ating mga pagsisikap sa lubusang pagsunod sa kaangkupan ng mga batas, alituntunin, at etikal na pamantayan sa tuwi-tuwina.
Ang Polisiya ng Pagsunod ng Grupo ay sumasakop sa lahat ng direktor, opisyales, empleyado, kontraktwal na empleyado, part-time na empleyado, pansamantalang empleyado na naitalaga sa mga kompanya sa labas ng Grupo at sa mga pansamantalang empleyado ("Mga Empleyado") sa alinmang kompanya sa loob ng Grupo ng Korporasyon ng Sumitomo. Ang "Grupo ng Korporasyon ng Sumitomo" o "Group" ay nangangahulugang, sa loob nitong Polisiya, Korporasyon ng Sumitomo at ang mga tuwiran at di-tuwirang sangay nito. Ang mga sangay ay alinmang organisasyong pag-aari ng Korporasyon ng Sumitomo, tuwiran man o di-tuwiran, na higit sa 50 porsiyento ang karapatang nitong bumoto o kaya'y ang karapatan nitong pamahalaan ang korporasyon. Ang alinmang kompanya sa loob ng Grupo ng Korporasyon ng Sumitomo ay bahagi ng "Grupo ng mga Kompanya ng Korporasyong Sumitomo".
Tayong lahat ay inaasahang maintindihan ang Polisiya at ito'y maisabuhay habang gumaganap sa pang-araw-araw na gawain.

◆ Paano nauugnay ang Polisiya ng Pagsunod ng Grupo sa mga batas at panuntunan ng kompanya?

Ang kaugnayan ng Polisiya ng Pagsunod ng Grupo at ang mga polisiya at panuntunan ng bawat Grupo ng mga Kompanya ng Korporasyong Sumitomo:

Itong Polisiya ng Pagsunod ng Grupo ay nagpapaliwanag ng mga susing tuntunin na may kaugnayan sa pagsunod na dapat sundin ng mga empleyado sa buong grupo. Dapat tandaan ng bawat empleyado na itong Polisiya ng Pagsunod ng Grupo ay hindi sumasakop sa lahat ng mga polisiya, mga panuntunan, o ng iba pang mga pamantayan na naaangkop sa bawat empleyado. Ang mga polisiya at panuntunan ng bawat kasapi ng Grupo ng mga Kompanya ng Korporasyong Sumitomo ay dapat nakabase sa Polisiya ng Pagsunod ng Grupo at magbibigay ng higit pang detalye upang maisaalang-alang ang lokal na batas at regulasyong natatangi sa bawat industriya.
Ang mga polisiya at panuntunan ng bawat kasapi ng Grupo ng mga Kompanya ng Korporasyong Sumitomo ay dapat na nakatugon sa Polisiya ng Pagsunod ng Grupo. Kung ang Grupo ng mga Kompanya ng Korporasyong Sumitomo ay nakapagtalaga na ng mga polisiya at panuntunan, ang

mga empleyado ng nasabing kompanya ay dapat na magpatuloy sa pagtupad sa mga ito.

Ang kaugnayan ng Polisiya ng Pagsunod ng Grupo at ang mga batas at regulasyon ng bawat bansa o rehiyon:

Ang Grupo ng Korporasyon ng Sumitomo ay nagsasagawa ng negosyo sa buong mundo. Alinsunod dito, ang ating mga empleyado ay dapat na makatupad sa mga batas at panuntunan ng iba't ibang bansa at rehiyon.

- Kung ang lokal na batas o panuntunan ay humihingi ng mataas na pamantayan kaysa sa Polisiya ng Pagsunod ng Grupo, dapat na makatupad dito.
- Kung ang pamantayang hinihingi ng lokal na batas o panuntunan ay mas mababa sa pamantayan ng Polisiya ng Pagsunod ng Grupo, dapat na gamitin ang pamantayan ng polisiyang ito.

◆ Ano-ano ang mga responsibilidad ng isang empleyado?

Lahat ng empleyado ng Grupo ng Korporasyon ng Sumitomo ay inaasahang makatupad sa mga sumusunod na responsibilidad.

Kailangan mong:

- Maintindihan ang Polisiya ng Pagsunod ng Grupo (o, kung ang iyong kompanya ay mayroon nang kaangkop na polisiya o panuntunan, unawain pa rin ito) at isabuhay ito habang tumutupad sa pangaraw-araw na gawain. Kung may pagdududa ukol sa pagsunod habang nagtatrabaho, mangyaring sumangguni sa Polisiya ng Pagsunod ng Grupo.

- Sumunod sa lahat ng batas, panununtunan, at mga kautusan ng gobyerno na naaangkop sa ating negosyo habang pinapanatili ang pinakamataas na pamantayang etikal.

- Gumawa ng "Agarang Pagre-report" kung ikaw ay nakabatid ng isyu sa pagsunod, maging ito man ay maliit. (Ang karagdagang paliwanag sa "Agarang Pagre-report" ay nakalahad sa ibaba.) Kailangan mong makipagtulungan nang mabuti sa anumang imbestigasyon o pagsusuri na isasagawa ng kompanya o Grupo ukol sa isyu.

◆ Ano-ano ang responsibilidad ng tagapangasiwa?

Karagdagan sa mga responsibilidad ng empleyado, ang tagapangasiwa ng bawat kasapi ng Grupo ng Korporasyon ng Sumitomo ay inaasahang tumupad sa mga sumusunod na responsibilidad.

Ikalawang Bahagi: Tungkol sa Polisiya ng Pagsunod ng Grupo

Kailangan mong:

- Madalas na magpadala ng malinaw na mensahe sa iyong kompanya na ang pangunahing prayoridad nito ay ang pagsunod.

- Malinaw na ipakita, sa mga kilos at salita, na ang pagsunod ang siyang nauuna. Kung ang kompanya ay sakaling nasa sitwasyon na kung saan ang kita at pagsunod ay nagtutunggalian, hindi mo dapat iwan ang paggawa ng desisyon sa iyong mga tauhan at dapat mong gawin ang mga nararapat na hakbang upang masiguradong ang pagsunod ay ginawang prayoridad.

- Siguraduhin na ang mga empleyado ng iyong kompanya ay nakauunawa sa Polisiya ng Pagsunod ng Grupo (o, kung ang iyong kompanya ay mayroon nang kaangkop na polisiya at/o panuntunan, siguraduhin na naiintindihan nila ang mga ito) at kaya nilang isabuhay ito sa kanilang trabaho. Turuan ang mga empleyado kung kinakailangan upang matamo ito.

- Maayos na tumugon, at pakitunguhan, ang bawat isyu ng pagsunod na nai-report sa iyo sa pamamagitan ng bawat "Agarang Pagre-report". Huwag balewalain o pagaanin ang sitwasyon ng alinmang isyu ng pagsunod, gaano man ito kaliit tingnan.

- Itaguyod at panatilihin ang kaayusan sa lugar ng pinagtatrabahuhan na inilalarawang ng epektibong komunikasyon sa lahat ng kasapi ng kompanya.

◆ Paano ko ire-report ang isang isyu sa 'di pagsunod?

Lahat ng empleyado ng Grupo ng Korporasyon ng Sumitomo ay inaasahang gumawa ng "Mga Agarang Pagre-report". Kung sakaling ikaw ay may nabatid na aktwal o hinihinalang isyu sa 'di pagsunod, dapat mong i-report ito nang agaran sa pamamagitan ng linya sa pagre-report, na kalimitang binubuo ng iyong superyor at alinmang kaugnay na kagawaran o mga taong nakatalaga sa loob ng iyong kompanya, na ipinapakita ng flowchart sa ibaba.

Kailangan mong maghintay upang matutunan ang mga detalye ng isyu upang makagawa ng report. Sa pamamagitan ng paggawa ng Agarang Pagre-report, mas mabilis na matutugunan ang isyu at mas maiiwasang ito ay lumala o kumalat. Ito rin ay magbibigay-daan upang aming mas mahusay na mapangalagaan ang Grupo at ang mga empleyado nito.

Kapag ikaw ay nakatanggap ng isang Agarang Pagre-report bilang isang tagapamahala, kailangan mong i-report agad ito at kumunsulta sa iyong superyor at sa alinmang kaugnay na mga kagawaran at humingi ng payo o mga hakbang upang maayos na malutas ang isyu sa 'di pagsunod.

＜The Flow of “Immediate Report” from a Sumitomo Corporation Group Company＞



* Ang “Pangunahing Organisasyon” ay ang samahang (kalimitang isang bahagi ng negosyo) sa loob ng Korporasyon ng Sumitomo o ang mga opisinang panrehiyon nito na may pangunahing pagsuportang gampanin sa isang partikular na Grupo ng Kompanya. Ang “Katuwang na Organisasyon” ay isang samahan sa loob ng Korporasyon ng Sumitomo o ang mga opisinang panrehiyon nito na may pagsuportang gampanin at may katulad na layunin.

* Ang Kaugnay na Kagawaran ay maaaring, bilang halimbawa, maging ang Kagawarang Tagapangasiwa ng Manggagawa kung ang isyu sa ‘di pagsunod ay kinasasangkutan ng mga mga bagay-bagay ukol sa manggagawa.

Kung, sa anumang kadahilanan, mahirap na mai-report ang isyu sa ‘di pagsunod kaalinsabay sa kalimitang linya ng pagre-report, ikaw ay hinihikayat na gumamit ng sistema ng pagsisiwalat ng kompanya (kung mayroon) o ang Sistema ng SC Global Speak-Up upang mai-report ang isyu. Pinakikiusapang tingnan ang huling bahagi ng Polisiya ng Pagsunod ng Grupo para sa mas maraming detalye sa Sistema ng SC Global Speak-Up.

[ang mga susunod na pahina ay sadyang iniwang blangko]

Ang mga Tuntunin sa Pagsunod ng Grupo

1. Ang mga Tuntunin sa Pagsunod ng Grupo ay binubuo ng 11 susing tuntunin na kaugnay sa pagsunod na dapat na sundin ng lahat ng empleyado sa loob ng Grupo.
2. Sa baba, makikita ang Labing-isang Tuntunin sa Pagsunod ng Grupo kasama ang karagdagang paliwanag ng mga ito.
3. Basahing mabuti ang Labing-isang Tuntunin sa Pagsunod ng Grupo at ang mga karagdagang paliwanang upang lubos na maunawaan ang Polisiyang ito.

1. Patas na Kompetisyon

Tuntunin:

Kailangan nating palaganapin ang patas na kompetisyon sa lahat ng gawain ng negosyo habang sinusunod ang mga batas at regulasyon na may kinalaman sa kontra-tiwala at patas na kompetisyon.

Paliwanag ng Tuntunin:

Kontra-Monopolyo, Kontra-Tiwala at Pagbabawal sa Kontra-Kompetitibong Kasunduan

Hindi dapat tayo bumubuo o nakikibahagi sa mga maling monopolyo. Hindi rin dapat tayo pumapasok sa mga kasunduang may alok na suporta o sa iba pang kontra-kompetitibo at patagong kasunduan sa mga kalaban ng kompanya o abusuhin ang mataas na posisyon sa merkado. Hindi dapat tayo makisali sa mga diskusyon ng mga kalaban ng kompanya sa layuning isaayos ang presyo o ang bolyum ng benta, o ang pag-aalokasyon ng mga kustomer o ng mga lugar na pagbebentahan at dapat din nating iwasang makisangkot sa mga usapang magdudulot ng mga nabanggit na mga di-tamang diskusyon. Kung ang isang kalaban ng kompanya ay nanghihimok na sumali tayo sa mga kontra-kompetitibong kasunduan, dapat na malinaw at pormal nating tanggihan ang alok. Ang mga ganitong kasunduan ay hindi pinahihintulutan bilang pagkilala sa publiko at pribado gayundin sa mga pang-araw-araw na transaksyon.

Pagsunod sa Lahat ng Ipinatutupad na Batas at Regulasyon

Dapat ay alam natin na ang isang patago o sikretong kasunduan sa isang kalaban ng kompanya sa ibang bansa ay magdudulot ng isyu ng “internasyunal na kasunduan”. Halimbawa, kung ang isang patagong kasunduan ay may epekto sa merkado ng U.S. o EU, at kahit na ang kasunduan ay isinagawa sa negosyo sa labas ng U.S. o EU, may posibilidad na ang U.S. Antitrust Laws o ang EU Competition Laws ay maipatupad.

2. Internasyunal na Regulasyon sa Kalakalan kasama ang Pagkontrol sa Seguridad ng Kalakalan

Tuntunin:

Kailangan nating sumunod sa lahat ng ipinatutupad na batas at regulasyon pati na rin sa mga internasyunal na kasunduan na may pagkilala sa kontrol ng import at eksport, seguridad ng trabaho at pagbubuwis.

Paliwanag ng Tuntunin:

Dapat palagi nating sundin ang mga internal na tuntunin habang may pagsasaalang-alang sa mga import at eksport na mga produkto at makinarya para masunod natin ang mga kaugnay na batas at regulasyon pati na rin ang mga internasyunal na kasunduan na may pagkilala sa kontrol ng import at eksport, seguridad sa trabaho at sa pagbubuwis. Dapat palagi nating maunawaan ang mga produkto at makinaryang ipinagbibili at kumpirmahin ang pagkakakilanlan ng bumibili, destinasyon, huling gagamit at huling gamit bago gawin ang pagbebenta. Kailangan din nating masigurado na mayroon tayong mga kinakailangang lisensya at aprubado dapat ito ng mga tamang awtoridad. Hindi dapat tayo makisangkot sa kahit na anong transaksyong maaari o mistulang mapanganib sa internasyunal na kapayapaan at seguridad.

3. Mga Batas Na Kaugnay ng Iyong Negosyo

Tuntunin:

Dapat nating pag-aralan, unawaing mabuti at sundin ang mga batas at regulasyon na may kinalaman sa ating negosyo.

Paliwanag ng Tuntunin:

Bilang bahagi ng pag-unawa sa ating negosyo, kailangan nating pag-aralan at unawain ang lahat ng batas at regulasyong ipinatutupad sa ating negosyo, gayundin ang pagiging bukas sa pagbabago o sa pagbuo ng bago at makabuluhang batas para siguraduhing tayong lahat ay makasusunod. Dapat maunawaan ng mga empleyado na may iba't ibang batas at regulasyon na ipinatutupad sa bawat erya ng negosyo. Halimbawa, may mga batas na ukol sa proteksyon ng kapaligiran, mga kemikal at mapanganib na mga produkto, at sa kabuuang sistema. Kung kinakailangan, komunsulta ang mga empleyado sa mga kaugnay na kagawaran o sa mga taong nakatalaga para maunawaan ang mga ganitong batas at regulasyon. Gayundin, hindi dapat tayo magtangkang samantalahin ang anumang kalituhan at kakulangan ng mga batas at regulasyon.

4. Kaangkupan ng mga Aklat at Tala ng Kompanya; Pagsunod sa Pagbubuwis

Tuntunin:

Kailangan nating panatilihin ang tama at angkop na mga aklat at tala sa lahat ng oras at tamang pangongolekta ng lahat ng mahahalagang dokumento. Kailangan nating magbayad ng buwis at gawin ang pagrereport nito bilang pagsunod sa ipinatutupad na batas at regulasyon at ang mga Tuntunin sa Pagbubuwis ng Grupo ng Korporasyon ng Sumitomo.

Paliwanag ng Tuntunin:

Kailangan nating panatilihin ang tama at angkop na aklat at tala at mga kaugnay na impormasyon sa lahat ng oras para tamang maipakita ang pinansyal na posisyon ng kompanya at para maprotektahan ang mga pag-aari nito. Kailangan nating ipaalam ang mga kinakailangang impormasyon sa isang tama at napapanahong pamamaraan na may pagsunod sa mga batas at regulasyon para masiguro ang transparency ng kompanya. Ang mga nai-rekord na dokumento at ang mga ipinabatid na impormasyon ay hindi dapat magtaglay ng mga mali at nakalilitong pahayag. Gayundin, kailangan nating ipunin ang mga ganitong dokumento at impormasyon sa tamang pamamaraan at sa itinakdang haba ng panahon bilang pagsunod sa mga ipinatutupad na batas at regulasyon.

Tingnan sa ibaba ang mga Tuntunin sa Pagbubuwis ng Grupo ng Korporasyon ng Sumitomo:
< Mga Tuntunin sa Pagbubuwis ng Grupo ng Korporasyon ng Sumitomo >

5. Kontra-suhol at Kontra-korapsyon

Tuntunin:

Dapat palagi tayong tapat sa pagsunod sa mga istriktong tuntunin para maiwasan ang panunuhol, maling probisyon ng benepisyo, at iba pang paraan ng korapsyon. Hindi dapat tayo manuhol o magsagawa ng anumang gawain na makapagbibigay-suspetsa ng panunuhol sa kawani o sa iba pang opisyal ng pamahalaan ng alinmang bansa, munisipalidad o rehiyon. Hindi dapat tayo mag-alok, magbigay, o mangako na magbibigay ng pera o katumbas nito, regalo, pang-aliw o anumang halaga sa mga pampublikong opisyal na may layunin ng maling pagtanggap o pagpapanatili ng negosyo. Kung sakaling makatanggap ng ganitong alok ng panunuhol mula sa isang pampublikong opisyal, dapat mong tanggihan ang alok at hayaang kontakin ng kompanya ang kinauukulang awtoridad kung kinakailangan sa sitwasyon. Kailangan nating sumunod sa lokal at panlabas na mga batas at regulasyon na may kinalaman sa kontra-suhol at kontra-korapsyong maaaring ipatupad sa mga gawain ng negosyo.

Paliwanag ng Tuntunin:

Para sa Tuntunin ng Kontra-korapsyon ng Grupo ng Korporasyon ng Sumitomo at sa iba pang impormasyon sa internal na pagkontrol ng sistema at ang mga kagustuhan ng Korporasyon ng Sumitomo at ng mga lokal at panlabas nitong kasapi para sa kontra-suhol at kontra-korapsyon, tingnan ang Polisiya sa Kontra-korapsyon ng Grupo ng Korporasyon ng Sumitomo.

< Polisiya sa Kontra-korapsyon ng Grupo ng Korporasyon ng Sumitomo >

6. Mga Karapatan sa Intelektwal na Pag-aari

Tuntunin:

Kailangan nating protektahan ang mga karapatan sa intelektwal ng pag-aari (IP) ng Grupo ng Korporasyon ng Sumitomo at kailangan din nating respetuhin ang IP ng iba.

Paliwanag ng Tuntunin:

Pagpoprotekta ng karapatan sa IP ng Grupo ng Korporasyon ng Sumitomo

Karampatang-sipi, pagkakakilanlan, pagtatangi at iba pang paraan ng karapatan ng IP ay mahahalagang pag-aari ng Grupo ng Korporasyon ng Sumitomo. Kapag nalaman mo ang isang sitwasyon kung saan ang karapatan ng IP ay ginamit ng iba o inaakalang ginagamit ng iba, i-report ito at komunsulta sa iyong tagapamahala at sa mga kaugnay na kagawaran o sa taong nakatalaga para rito.

Pagrespeto sa karapatan sa IP ng iba

Kailangan din nating maging maingat upang maiwasan ang anumang paggamit sa karapatan ng IP ng iba. Halimbawa, kung nagpaplano kang gumawa o magbenta ng isang bagong produktong binuo ng mga bagong teknolohiya, o kung nagpaplano kang magbenta o mag-alok ng produkto o serbisyo na may bagong logo o pagkakakilanlan, kailangan mo munang magsagawa ng angkop na pananaliksik para masigurong hindi mo nagamit ang karapatan sa IP ng iba.

7. Pamamahala ng Impormasyon

Tuntunin:

Kailangan nating alagaan nang tama ang mga mahahalagang impormasyon ng Grupo ng Korporasyon ng Sumitomo gayundin ang mga pribadong impormasyong natanggap mula sa mga kasapi ng negosyo para maiwasan ang anumang ilegal na paglalabas o paggamit ng mga mahahalagang impormasyon.

Paliwanag ng Tuntunin:

Pamamahala sa mga Mahahalagang Impormasyon ng Grupo ng Korporasyon ng Sumitomo

Ang mga sikreto sa trabaho, karanasan, personal na datos at iba pang pribadong impormasyon ng Grupo ng Korporasyon ng Sumitomo ay mahahalagang pag-aari ng Grupo. Kailangan nating alagaan nang tama ang mga pribadong impormasyon para maiwasan ang paglabas, pagkawala o ilegal na paggamit nito.

Pamamahala sa mga Mahahalagang Impormasyon ng mga Kasapi sa Negosyo; Pagbabawal sa Maling Pagkuha ng Impormasyon

Kailangan din nating pangalagaang mabuti ang mga mahahalagang impormasyong natatanggap mula sa ating mga kustomer, suppliers at iba sa pang kasapi ng negosyo alinsunod sa mga ipinatutupad na batas at regulasyon, sa ating katapatan sa mga kasapi sa negosyo, gayundin sa mga internal na tuntunin. Gayundin, hindi tayo dapat kumuha ng mga mahahalagang impormasyon ng mga kalaban natin sa negosyo o ng iba gamit ang maling pamamaraan.

Tamang Pagtugon sa mga Insidente

Kung sakaling may insidente na ang mahalagang impormasyon ay ninakaw, nawala, o maling nagamit, kailangan nating agarang tumugon at gawin ang nararapat na hakbang para mabawasan ang epekto ng ganitong insidente sa nagmamay-ari ng mahalagang impormasyon.

8. Proteksyon sa Kapaligiran

Tuntunin:

Kailangan nating sumunod sa Polisiyang Pangkapaligiran ng Grupo ng Korporasyon ng Sumitomo at magbigay importansya sa pagprotekta sa global na kapaligiran, habang tinutupad natin ang isang ekolohikal na pagbabago sa pamamagitan ng mga pinag-isipang gawain ng kompanya.

Paliwanag ng Tuntunin:

Kailangan nating sumunod sa Polisyang Pangkapaligiran ng Grupo ng Korporasyon ng Sumitomo, ang lahat nitong ipinatutupad na batas at regulasyon para sa kapaligiran, at sumunod din sa mga kasunduang may kinalaman sa pagpoprotekta ng kapaligiran. Tingnan sa ibaba ang Polisiyang Pangkapaligiran ng Grupo ng Korporasyon ng Sumitomo:

< Polisiyang Pangkapaligiran ng Grupo ng Korporasyon ng Sumitomo >

9. Panloob na Pangangalakal

Tuntunin:

Hindi dapat tayo makisangkot sa anumang gawaing lumalabag, o may katangian ng paglabag sa mga batas at regulasyon sa panloob na transaksyon.

Paliwanag ng Tuntunin:

Ang mga empleyado ay hindi dapat gumamit ng hindi pampublikong impormasyong materyal ("Panloob na Impormasyon") ng kompanya (maging ang kompanya man ay kasapi o hindi ng Grupo ng Korporasyon ng Sumitomo) para makabenta, makapagbenta, o makapagdulot sa iba na makabenta o makapagbenta, sa publiko ng mga transaksyong panseguridad (tulad ng stocks). Ang Panloob na Impormasyon ay nangangahulugang mga impormasyong kung saan ang isang nagnanais na inbestor ay iisiping mahalaga ang desisyong makabenta, makapagbenta o mahawakan ang seguridad, o kung saan may mahalagang epekto ito sa seguridad ng presyo sa merkado. Halimbawa, ang Panloob na Impormasyon ay naglalaman ng impormasyon tungkol sa malakihang pagsasama o pagtanggap o mahahalagang pagbabago sa ipinababatid na kita ng korporasyon. Kung sakaling iyong malaman ang anumang Panloob na Impormasyon, dapat mong sundin ang mga internal na alituntunin ng Kompanya at panatilihin itong pribado.

Gayundin, dapat mong sundin ang mga batas at regulasyon na may kinalaman sa panloob na transaksyon ng iyong bansa o rehiyon, dahil may pagkakaiba-iba ang mga alituntunin sa bawat bansa at rehiyon.

10. Paggalang sa Karapatang Pantao at Pag-iwas sa Diskriminasyon at Panliligalig

Tuntunin:

Kailangan nating igalang ang karapatang pantao ng iba at huwag hayaan ang anumang diskriminasyon o panliligalig.

Paliwanag ng Tuntunin:

Paggalang sa Karapatang Pantao

Ang Grupo ng Korporasyon ng Sumitomo ay nangangakong "bibigyan ng pangunahing pagpapahalaga ang integridad at mabuting pamamahala nang may mataas na respeto sa indibidwal" na nakapaloob sa Tuntunin ng Pamamahala nito. Nangangahulugan ito na igagalang ng Grupo ng Korporasyon ng Sumitomo ang mga karapatang pantao ng lahat ng indibidwal, kasama rito ang mga karapatan ng mga taong may relasyon o may kaugnayan sa Grupo ng Korporasyon ng Sumitomo.

Pag-iwas sa Diskriminasyon at Panliligalig

Hindi dapat natin gawin ang diskriminasyon laban sa sinumang indibidwal base sa lahi, etnisidad, nasyonalidad, pinagmulan, kulay ng balat, edad, kasarian, oryentasyong sekswal, pagkakakilanlan

na pangkasarian, kapansanan, relihiyon, relasyong politikal, kaugnayang pang-unyon, marital na estado, o anumang batayan na walang kaugnayan sa trabaho. Hindi dapat nating hayaan ang diskriminasyon sa pananalita o mga aksyon, panliligalig, panlalamang, paninira, pananakot, karahasan o anumang hindi katanggap-tanggap na pag-uugali na nagdudulot ng takot sa iba, o di naman kaya ay pagkabalisa.

11. Tunggalian ng Interes

Tuntunin:

Dapat nating isaisip ang pinakamabuting interes para sa Grupo ng Korporasyon ng Sumitomo. Hindi natin dapat gamitin ang mga pagmamay-ari ng kompanya o ang ating posisyon para lamang sa ating pansarili o sa interes ng iba na makapagpapahamak sa interes ng Grupo.

Paliwanag ng Tuntunin:

Tunggalian ng Interes

Ang bawat empleyado ay may tungkulin ng katapatan sa Grupo at dapat na umaksyon para sa pinamabuting interes nito. Hindi mo dapat gamitin ang iyong posisyon o ang iyong tungkulin sa kompanya para sa iyong mga pansariling benepisyo.

Mga Gawaing Walang Kaugnayan sa Iyong Trabaho

Dapat mong iwasan ang pakikisangkot sa mga personal na relasyon o gawain na makahahadlang sa iyong responsibilidad sa trabaho. Kung ikaw o kung sakaling nagpaplano kang makisangkot sa isang komersyal na gawain na makaaapekto sa interes ng Grupo ng Korporasyon ng Sumitomo, dapat mo itong i-report sa iyong tagapamahala.

Tamang Gamit ng Pagmamay-ari ng Kompanya at Sistema ng IT

Maaari mo lamang gamitin ang mga pagmamay-ari ng kompanya kasama ang mga kagamitang IT at sistema nito kung ang layunin ay ang pagsasagawa ng iyong trabaho at hindi mo dapat itong gamitin sa mga personal na layunin.

Tungkol sa Sistema ng “SC Global Speak-Up”

◆ Ano ang Sistema ng “SC Global Speak-Up”?

“SC Global Speak-Up” ang tawag sa internal na sistema ng pagsisiwalat sa Grupo ng Korporasyon ng Sumitomo. Kung may nalaman kang isyu ukol sa di-pagsunod at pinaniniwalaan (sa kahit na anong dahilan) mong mahirap ipaalam ang isyu sa karaniwang sistema ng pagrereport, maaari mo itong i-report gamit ang internal na sistema ng pagsisiwalat ng kompanya (kung mayroon man) o gamit ang SC Global Speak-Up. Ang anumang report na ipinarating sa SC Global Speak-Up ay ipagbibigay-alam sa Chief Compliance Officer (“CCO”) ng Korporasyon ng Sumitomo. Kapag natanggap ang report, ito ay agarang iiimbestigahan. Ang Korporasyon ng Sumitomo ay nangangako na ang sumusunod na bagay ay isasaalang-alang:

・Ang Pagiging Pribado

Kung ang isang empleyado ay nagreport ng isang isyu ng di-pagsunod sa SC Global Speak-Up, ang pagkakakilanlan ng empleyado gayundin ang detalye ng report (kasama ang lahat ng datos at detalye na nalaman sa imbestigasyon) ay pananatilihing pribado.

・Walang Pagganti

Ang Korporasyon ng Sumitomo ay tapat sa pag-iwas sa anumang pagganti laban sa empleyadong nagsagawa ng report.

Ang mga karagdagang detalye ukol sa SC Global Speak-Up ay ipinaliwanag sa “The SC Global Speak-Up Guidelines.”

◆ Sino ang maaring gumamit ng SC Global Speak-Up?

Lahat ng mga empleyado (kasama rito, ang mga direktor, mga opisyal, mga empleyado, mga empleyadong may kontrata, mga pansamantalang empleyadong nakatalaga sa labas na kompanya ng Grupo at iba pang mga pansamantalang empleyado) ng alinmang kompanya ng Grupo ng Korporasyon ng Sumitomo ay maaring magreport ng isyu ng di-pagsunod sa SC Global Speak-Up.

◆ Ano-anong uri ng isyu ng di-pagsunod ang maaring i-report sa SC Global Speak-Up?

Ang mga empleyado ay hinihikayat na gamitin ang SC Global Speak-Up para maipaalam ang mahahalagang isyu ng di-pagsunod na may malaking negatibong epekto sa Grupo ng Korporasyon ng Sumitomo. Para sa mga karagdagang detalye ng iba’t ibang uri ng isyu ng di-pagsunod na maaring ipaalam sa SC Global Speak-Up, tingnan ang “The SC Global Speak-Up Guidelines.”

- **Paano nakikipag-ugnayan ang SC Global Speak-Up sa mga umiiral na sistema ng internal na pagsisiwalat o sa mga compliance hotlines?**

Binuo ang Sumitomo SC Global Speak-Up bilang isang sistema ng pagsisiwalat na maaring gamitin ng alinmang kompanya na kabilang sa Grupo ng Korporasyon ng Sumitomo. Kung sakaling ang isang kompanya ng Grupo ng Korporasyon ng Sumitomo ay may katulad na sistema ng pagsisiwalat at mayroon nang mga compliance hotlines, ang SC Global Speak-Up ay karagdagang sistema na lamang para sa kompanya, at hindi ito ninanais na palitan o alisin ng Korporasyon ng Sumitomo. Ang isang empleyado ng isang kompanya ng Grupo ng Korporasyon ng Sumitomo ay maaring gumamit ng alinman sa sistema ng pagsisiwalat ng kompanya o ng SC Global Speak-Up.

Sa pagbibigay ng karagdagang paraan ng pagrereport, gaya ng SC Global Speak-Up, madali nating matutukoy ang mga isyu ng di-pagsunod, mababawasan ang mga negatibong epekto nito at mareresolba ang mga isyung ito sa simula pa lamang.

Wakas

www.sumitomocorp.com

Inilathala ng: Legal na Kagawaran sa Pagsunod ng Korporasyon ng Sumitomo